# Joy B namahagi ng relief goods sa mga nasunugan sa QC

Namahagi si Quezon City Vice Mayor Joy Belmonte ng relief goods kabilang ang mga grocery items at banig sa mahigit 750 pamilyang naging biktima ng sunog sa Brgy. Damayang Lagi, Quezon City noong Miyerkules.

Hinikayat din ni Belmonte ang mga tauhan ng barangay na magpaabot ng karagdagang ayuda sa mga nasunugan habang hinahanda ng lokal na pamahalaan ang temporary evacuation ng mga ito.

"As of the moment, we will be distributing relief packs to the victims to give them something to eat. We will closely monitor the situation here in Brgy. Damayang Lagi and I already have instructed the barangay officials to assist them for now," sabi ni Belmonte.

Mahigit 250 kabahayan ang nadamay sa sunog na umabot sa general alarm matapos lumaki ang apoy dahil sa mababang pressure ng tubig sa mga fire hydrant at "fanning effect" dulot ng malakas na hangin.

Patuloy naman sa paalala si Belmonte sa ibang mga komunidad sa lungsod na maging maingat at isagawa ang iba't ibang fire safety measure upang makaiwas sa sakuna.

"Hindi biro ang epekto ng sunog kaya lagi tayong mag-iingat sa ating mga tahanan lalo at napakaraming kaso ng sunog na naitatala ngayon. Dagdagan pa na may problema tayo sa suplay ng tubig kaya 'yung paalala natin, mag-ingat talaga," ayon pa kay Belmonte. *(Angie dela Cruz)*